OIR IMMIGRANT BELONGING PROJECT 2023-2025

Ang Office of Immigrant Relations (OIR) ay nakipagpartner sa Othering & Belonging Institute (OBI) sa University of California sa Berkeley. Kabilang sa proyekto ang pangangalap ng impormasyon na ibinahagi ng mga komunidad ng imigrante.

Ang buong county na proyekto na tulad nito ay hindi nakumpleto sa mahigit na 20 taon. Ang proyektong ito ay huhubog sa ating pag-unawa sa mga karanasan ng mga imigrante sa county sa maraming darating na taon. Umaasa kami na pag-isipan mong sumali sa amin. Para sa karagdagang impormasyon sa proyekto, mangyaring makipag-ugnayan sa OIR team sa immigrant.relations@ceo.sccgov.org.

Upang gawin ang survey, gamitin ang QR code sa ibaba o pumunta sa: **SCCimmigrantsurvey.com**.

Mga Madalas Itanong

Aling mga komunidad ang kabilang sa proyekto na ito?
Makikipag-ugnayan ang OIR at OBI sa mga imigrante na komunidad na nagsasalita ng English, Spanish, Vietnamese, Mandarin, Cantonese, Tagalog, Hindi, Farsi, Arabic, Russian, Korean, at Amharic upang sumali sa proyekto na ito. Lalapit kami sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon sa komunidad upang tumulong sa proseso na ito.

Paano ibabahagi ng mga imigrante sa komunidad ang kanilang opinyon?
Mangongolekta kami ng impormasyon mula sa survey at pag-uusap sa komunidad. Ang isang survey ay mayroong oportunidad na maabot ang mga iba't ibang grupo ng mga imigrante. Ang pakikipanayam sa komunidad ay makakatulong sa pag-unawa sa pagiging bahagi, paghahatid ng serbisyo, at iba pang importanteng priyoridad.

Paano makikinabang ang pagsuporta sa proyekto na ito sa mga komunidad ng imigrante at mga lokal na organisasyon?
Ang mga lokal na organisasyon at mga gumagawa ng desisyon ay maaaring gumamit ng mga natuklasan sa proyekto upang ipaalam ang patakaran, pagpopondo, at mga priyoridad na serbisyo. Ang mataas na antas ng pakikilahok sa survey ay magtitiyak sa mga lokal na organisasyon, tagapagtaguyod, at mga pampublikong opisyal ay may pinakamahusay na impormasyon upang suportahan ang immigrant belonging sa county.

Kailan mag-uumpisa ang survey?

Ang survey ay magiging available online sa Setyembre at Oktubre ng 2023.

Paano ko gagawin ang survey?
Ang survey ay maaaring gawin ng online sa pamamagitan ng link o QR code, at available ito sa 12 na wika Walang survey sa papel.

Paano mapoprotektahan ng survey na ito ang pagiging kumpidensiyal ng mga sasali?
Ang mga sasali ay hindi tatanungin ang kanilang pangalan, tirahan, o katayuan sa imigrasyon.

Anong mga klaseng katanungan ang nasa survey?
Kabilang sa mga paksa sa survey ay:

- Lungsod ng tirahan
- Bansang pinagmulan
- Taon na dumating sa US
- Trabaho at oportunidad sa trabaho
- Mga karanasan sa mga hamon sa buhay
- Mga serbisyong available sa inyong komunidad
- Mga hadlang sa legal na serbisyo
- Mataas na priyoridad na pangangailangan
- Mga karanasan sa diskriminasyon
- Demograpikong katanungan